




Bukal ng mga Biyaya



(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Am 7:12-15)

¹²NOONG mga araw na iyon, hinarap ni Amasias, ang saserdote sa Betel, si Amos, **“Bulaan kang propeta! Magbalik ka na sa Juda; doon ka maghanapbuhay sa pamamagitan ng iyong panghuhula. ¹³Huwag ka nang manghuhula rito sa Betel. Narito ang pambansang templo at dito sumasamba ang hari.”**

¹⁴Sumagot si Amos, “Hindi ako **propeta**— hindi ko ito hanapbuhay. Ako’y pastol at nag-aalaga rin ng mga punong-igos. ¹⁵**Ngunit inialis ako ng Panginoon sa gawaing iyon at inutusang magsalita** para sa kanya, sa mga taga-Israel.”

Tema: Ang Masaklap na Karanasan ng Propeta (Nang Siya’y Sinugo ng Diyos at Itinakwil ng Tao)

PAGPAPALIWANAG

- Si Amos ay ipinadala ng Diyos sa Hilagang Kaharian upang magsalita para sa Kanya.
- Ang kanyang mensahe: pagkawasak ng santuwaryo, ang bahay ng hari at ang pagkabiha ng mga tao
- Pinalayas si Amos pabalik sa Juda kung saan siya nanggaling, ni Amasias, ang pari ng santuwaryo ng Bethel,

PAGNINILAY

Kapag pinapayagan mo na makapagsalita ang Diyos sa pamamagitan mo, makakaranas ka ng pagtutol at pagtanggì dahil ang mensahe na iyong dinala ay hindi kaaya-aya sa mga masasama.

**SALMONG TUGUNAN (Slm 84)
PAG-IBIG MO’Y IPAKITA, ILIGTAS KAMI
SA DUSA.**

IKALAWANG PAGBASA (Ef 1:3-14)

Doxolohiya sa Ama

³MAGPASILAMAT tayo sa Diyos at Ama ng ating **Panginoong Hesukristo!** Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay **Kristo**. At sa atin ngang pakikipag-isang ito, ⁴hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo’y kanyang ⁵italalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni **Hesukristo**. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. ⁶Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng **kanyang minamahal na Anak!**

Hesukristo

⁷Tinubos tayo ni **Kristo** sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at sa gayo’y pinatawad na ang ating mga kasalanan. Gayun kadakila ang pag-ibig ⁸na ipinadama niya sa atin! Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran upang lubos nating maunawaan ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan sa pamamagitan ni **Kristo** pagdating ng takdang panahon. ¹⁰Ang panukalang ito ay pag-isahin kay **Kristo** ang lahat ng nasa langit at nasa lupa.

Tema: **Si Hesukristo na Bukal ng mga Biyaya ng Diyos**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Pagbasa na ito ay isang napakahalagang Kristolohikal na Pagpapahayag na nasa Sulat sa mga taga-Efeso.
- Ipinahayag nito ang kalooban ng Ama para sa atin:
 - Upang maging banal at walang kapintasan
 - Upang tayo ay magiging kanyang mga anak
- Pinapatunayan nito kung paano nakaugnay si Kristo sa atin at sa Ama.

- Binabanggit nito kung ano ang mga nagawa ni Kristo para sa atin:
 - Pagtubos sa pamamagitan ng kanyang dugo (b.7)
 - Pagpapatawad (b.8)
 - Ipinahayag ang misteryo ng Kanyang kalooban o hangarin para sa atin (b.9)
 - Pinili Niya tayo (b.10)
- Ang Layunin:
 - Papurihan ang kaluwalhatian ng Diyos ... (b.6)
 - Upang pag-isahin ang lahat kay Kristo ... (b.10)
 - Pagpupuri ng kanyang kaluwalhatian (b.12)
 - Upang mailigtas, pagpupuri ng kanyang kaluwalhatian
- 13 beses na binanggit: ang papuri ng kanyang kaluwalhatian (bb. 6,12,14).

PAGNINILAY

Ang tanging nais ng Diyos sa atin ay magkaroon ng buhay na ayon sa kanyang plano at hangarin.

MABUTING BALITA (Mc 6:7-13)

⁷NOONG panahong iyon, **tinawag ni Hesus ang Labindalawa, at sinugong dala-dalawa**. Binigyan niya sila ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espiritu, ⁸at pinagbilinan: “Sa inyong paglalakbay, huwag kayong magdala ng anuman, maliban sa tungkod. Ni pagkain, balutan, salapi sa inyong lukbutan o bihisan, ay huwag kayong magdala. ⁹Ngunit magsuot kayo ng panyapak.” ¹⁰Sinabi rin niya sa kanila, “At sa alinmang tahananing inyong tuluyan—manatili kayo roon hanggang sa pag-alis ninyo sa bayang iyon. ¹¹Kung ayaw kayong tanggapin o pakinggan sa isang dako, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok ng inyong mga paa, bilang babala sa mga taga-roon.” ¹²**Kaya’t humayo ang Labindalawa** at nangaral sa mga tao na pagsisihan nila at talikdan ang kanilang mga kasalanan. ¹³Pinalayas nila ang maraming

demonyo sa mga inaalihan nito; pinahiran nila ng langis at pinagaling ang maraming maysakit.

TEMA: **Ang Misyon ng Labindalawa**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay kabilang sa unang bahagi ng ebanghelyo ni Marcos na pinamagatang “Misteryo ni Hesus” (1: 14-8: 26).
- Unti-unting ipinakikilala ang imahen ni Hesus bilang isang Kristo (Manunubos). Maraming tao ang nagtatanong kung sino siya. Sa mga nakaraang mga sipi, tinatanong ng mga tao kung sino siya (na kahit ang bagyo ay sumusunod sa kanya, saan niya nakuha ang kanyang mga itinuturo?)
- Sinugo ni Hesus ang 12 bilang mga misyonero: simple at payak:
 - Maging simple; hindi nagpapakita na sopistikado; walang awra ng pagmamataas; walang maraming mga kagamitan, at hindi makulit o nagpupumilit na pansinin.
 - Pagsisisi ang ipinangagalar.
- Mahusay ang 12 sa kanilang trabaho (ministeryo):
 - Nagpapalayas sila ng mga demonyo.
 - Pinagaling nila ang mga may sakit.
- Seguradong nakinig sila sa mga sinabi o turo ni Hesus.

PAGNINILAY

Ang katuparan o tagumpay ng ating misyon ay hindi nakasalalay sa mga kagamitan lamang kundi sa ating pagkasimple at payak, taospusong pakikipag-ugnayan, pagpapakatotoo at katapangan.

II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa ay isinugo si propeta Amos na taga Timog papuntang hilaga ng

Israel kaya nararanasan niya ang matinding pagtututol lalo na mula kay Amasias.

Ang Ikalawang Pagbasa ay nakatuon sa kadahilanan kung bakit pinadala ng Diyos si Hesus bilang propeta at kanyang Anak na tagapagligtas: siya ang bukal ng biyaya.

Ang Ebanghelyo ay nagpapakikita na isinugo ni Hesus ang kanyang mga tagapagsunod bilang mga misyonero ng Mabuting Balita.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Noong itinalaga ka sa isang gawain o misyon sa inyong parokya, sa labas sa inyong komunidad, ano ang naging resulta? Bakit hindi kayo nagtagumpay? At bakit kayo nagtagumpay? (HM)

-Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
-Pagsasalin: **Br. Hansel Mapayo, SSP**

(Pangwakas na Panalangin)

PAANYAYA...

**BIBLE APOSTOLATE LECTURE
SERIES SA:**







**SAN ROQUE PARISH
Cabrera St., Pasay City
SABADO, 7:30 -9:00 PM**

• **JULY 21, 2018-** Br. Hansel Mapayo, SSP.
Wisdom Literature

• **AUGUST 18, 2018-** Fr. Khris Ilacer SSP.
Gospels

MGA BAGONG LIBRO NG ST PAULS...

ROMAN MISSAL
NA ENGLISH AT
FILIPINO



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Pangoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)